Original Article

# Pansariling Kakayahan ng mga Guro sa Filipino sa Pagsulat ng Aksyon Pananaliksik

Diomedes Beñas [1,*], Glenmar Biscarra [1]

Received: 29 March 2026; Revised: 22 May 2026;
Accepted: 24 May 2026; Published: 27 May 2026

DOI: https://doi.org/10.66074/PHY55L77Z6

**Abstrak**

Tinukoy sa pag-aaral na ito ang pansariling kakayahan ng mga guro sa Filipino ng DepEd sa pagsulat ng aksyon pananaliksik at sinuri rin ang mga saloobin hinggil sa pananaliksik, gayundin ang mga hamong kinahaharap sa proseso ng pagsulat nito. Gumamit ang pag-aaral ng multimethod approach kung saan ang kwantitatibong datos ay nakalap sa pamamagitan ng sarbey na talatanungan upang mailarawan ang antas ng sariling kakayahan at saloobin ng mga guro, samantalang ang kwalitatibong datos mula sa panayam ay nagbigay-linaw sa mga tiyak na hamong kanilang nararanasan. Kabilang sa pagsusuri ng datos ang pagkuha ng mean, bivariate correlation analysis, at tematikong pagsusuri. Ipinakita ng resulta na sa pangkalahatan, itinaya ng mga guro ang kanilang sariling kakayahan sa pagsulat ng aksyon pananaliksik bilang napakabuti, bagaman ang kanilang kumpiyansa sa pagbabalangkas ng mga tanong sa pananaliksik at sa paggamit ng mga pamamaraan ng aksyon pananaliksik ay nasa antas na mabuti. Lubos ding sumang-ayon ang mga kalahok na ang pagsasagawa ng pananaliksik ay mahalaga at kapaki-pakinabang sa kanilang propesyonal na pag-unlad. Sa kabila ng pagkilala sa kahalagahan nito, marami sa mga guro ang umaming mahirap ang pagsulat ng aksyon pananaliksik at maaari itong magdulot ng pagkabalisa. Sa kabuoan, may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng sariling kakayahan ng mga guro sa Filipino ng DepEd sa pagsulat ng aksyon pananaliksik at ng kanilang saloobin hinggil sa pananaliksik. Kabilang sa mga natukoy na hamon ang kakulangan sa oras, mabigat na gawain, limitadong

[1] Abra State Institute of Sciences and Technology, Main Campus, Abra, Philippines
* jomedesbench@gmail.com

Volume 2, Issue 2, June 2026

karanasan at kaalaman, kahirapan sa proseso ng pananaliksik, at kakulangan sa mga sanggunian. Inirerekomenda na ang Kagawaran ng Edukasyon ay magbigay ng angkop na pagsasanay na pang-propesyonal, pagbutihin ang akses sa mga sangguniang pananaliksik, at maglaan ng teknikal na suporta upang mapahusay ang kasanayan at pakikilahok ng mga guro sa pananaliksik.

*Mga Susing Salita*: aksyon pananaliksik, guro sa Filipino, pagsulat, pansariling kakayahan

**Abstract (English)**

This study determined the self-efficacy of DepEd Filipino language teachers in writing action research and explored their attitudes toward research as well as the challenges they face in the research writing process. Utilizing a multimethod approach, quantitative data were cokakallected through a survey questionnaire to describe teachers' levels of self-efficacy and attitudes, while qualitative data from interviews provided insights into the specific challenges encountered. Data analysis included mean, bivariate correlation analysis computations and thematic analysis.

Results indicated that teachers generally rated their self-efficacy in writing action research as very good, although confidence in formulating research questions and applying action research methods was rated as good. The participants strongly agreed that engaging in research is valuable and beneficial to their professional development. Despite recognizing its importance, many teachers agreed that writing action research is challenging and can induce anxiety. Overall, there is a significant relationship between the self-efficacy of DepEd Filipino teachers in writing action research and their attitude toward research. The challenges identified included time constraints, heavy workload, limited experience and knowledge, difficulties in the research process, and resource limitations. The Department of Education should provide targeted professional development, improve access to research resources, and offer technical support to enhance teachers' research skills and engagement.

*Keywords*: action research, self-efficacy, Filipino teachers, writing

## 1. Introduction

Sa Pilipinas, ang sistema ng edukasyon ay patuloy na umaangkop sa pandaigdigang pamantayan habang tinutugunan ang mga hamon sa lokal na konteksto. Isa sa mga mahalagang inisyatiba ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ay ang pagpapalaganap ng aksyon pananaliksik bilang isang estratehiya upang mapahusay

ang pagtuturo at pagkatuto. Ang aksyon pananaliksik ay isang sistematikong proseso ng pagninilay at pagpapabuti ng praktis ng guro sa loob ng kaniyang konteksto (Kemmis et al., 2014). Ito ay nakaugnay sa patuloy na propesyonal na pag-unlad na nagbibigay-daan sa mga guro na maging aktibong tagapagpanibago sa kanilang silid-aralan.

Gayunpaman, nahaharap ang mga guro sa Wikang Filipino sa iba-ibang hamon sa pagsasagawa at pagsulat ng aksyon pananaliksik. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang kakulangan sa pagsasanay sa pananaliksik, limitadong akses sa mga sanggunian, at kakulangan sa oras ay pangunahing hadlang sa pakikilahok ng mga guro sa pananaliksik (Ulla, 2018; Morales, 2016). Dagdag pa rito, sa isang multilinggwal na konteksto, nahaharap ang mga guro sa isyu ng kakulangan ng materyales na akademiko sa Filipino, na maaaring makaapekto sa kanilang kakayahan sa pagsulat ng pananaliksik.

Sa kabila nito, mahalaga ang aksyon pananaliksik bilang paraan upang matugunan ang mga suliraning pangklasrum at mapabuti ang pagtuturo ng wika. Ipinakita nina Burns (2010) at Stringer (2014) na ang aksyon pananaliksik ay epektibong kasangkapan upang mapalalim ang pag-unawa ng guro sa kanilang praktis at mapabuti ang resulta ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Mahigpit ding nakaugnay sa tagumpay ng aksyon pananaliksik ang sariling kakayahan o self-efficacy ng guro. Ayon kay Bandura (1997), ang self-efficacy ay tumutukoy sa paniniwala ng isang indibidwal sa kaniyang kakayahang maisagawa ang isang gawain. Sa larangan ng edukasyon, natuklasan nina Tschannen-Moran at Hoy (2001) na ang mataas na self-efficacy ay may positibong epekto sa inobasyon, pagtitiyaga, at pagganap ng guro. Kaugnay nito, ipinakita ni Ulla (2018) na ang kumpiyansa ng guro ay mahalagang salik sa kanilang pakikilahok sa pananaliksik.

Sa kabila ng mga umiiral na pag-aaral, nananatiling limitado ang pananaliksik na nakatuon sa sariling kakayahan ng mga guro sa Wikang Filipino sa pagsasagawa ng aksyon pananaliksik. Dahil dito, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang self-efficacy ng mga guro sa Wikang Filipino upang matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang kakayahan sa pananaliksik at makapagbigay ng batayan para sa mga programang pangkaunlaran.

## 2. Metodo

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed method gamit ang explanatory sequential design bilang disenyo. Ayon kina Creswell at Clark (2018), ang mixed methods research ay isang lapit sa pananaliksik na pinagsasama o isinasama ang parehong kwantitatibo at kwalitatibong datos sa loob ng iisang pag-aaral o programa ng pagtatanong. Napili ang disenyong ito dahil sa layunin nitong makakalap ng datos na kwantitatibo ukol sa sariling kakayahan ng mga guro sa Wikang Filipino sa pagsulat ng aksyon pananaliksik, pati na rin ang kanilang mga saloobin tungkol dito. Kasabay nito, layunin din nitong makakuha ng datos na kwalitatibo tungkol sa mga hamong

kinakaharap ng mga gurong Filipino sa DepEd sa pagsasagawa ng aksyon pananaliksik.

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa Kagawaran ng Edukasyon – Schools Division ng Abra. Ang mga kalahok ay mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino mula sa iba-ibang sekundaryang paaralan sa Abra para sa Taong Panuruan 2024–2025. Ang kabuoang bilang ng mga kalahok ay apatnapu (40), na binubuo ng anim (6) na lalaki at tatlumpu at apat (34) na babae. Ginamit ang convenience sampling sa pagpili ng mga respondente.

Upang matiyak ang etikal na pagsunod at katumpakan ng datos, sinunod ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang: Una, isinumite ang manuskrito sa ethics review committee para sa pagtiyak na ang mga pamamaraan ng pananaliksik ay sumusunod sa mga etikal na prinsipyo. Ikalawa, nagpadala ng pormal na liham sa Abra State Institute of Sciences and Technology (ASIST) upang humingi ng liham-endorso para sa Schools Division Superintendent ng DepEd Abra, na nagbigay-daan upang maisagawa ang pag-aaral sa ibaibang sekundaryang paaralan sa Abra. Ikatlo, matapos makuha ang permiso mula sa Superintendent ng DepEd, humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa mga respondente at mga punong-guro sa pamamagitan ng isang consent form. Malinaw na ipinaliwanag ang layunin, proseso, at saklaw ng pag-aaral bago pumayag, at ang pakikilahok ay boluntaryo at hindi sapilitan. Ikaapat, bumuo ang mga mananaliksik ng isang talatanungan upang masukat ang sariling kakayahan sa pagsulat ng aksyon pananaliksik, na ipinasuri sa limang (5) eksperto para sa beripikasyon, batay sa resulta ng ebalwasyon, nakakuha ito ng average na iskor na 4.26, na nagpapahiwatig na ang talatanungan ay nauuri bilang “Napakabalido.”. Ikalima, sinuri ang pagiging *reliable* ng talatanungan sa pamamagitan ng pagpapasagot nito sa isang grupo ng mga guro sa wikang Filipino na nagtuturo sa kolehiyo. Batay sa resulta, ang talatanungan ay nagpakita ng mataas na antas ng reliablity, na nagkaroon ng average na Cronbach’s alpha na 0.87, na nagpapahiwatig na ito ay tuloy-tuloy at pare-parehong nasusukat ang mga konstrak na layunin nitong suriin. Ikaanim, ipinamahagi ang beripikadong talatanungan sa mga kalahok kasabay ng pagsasagawa ng mga panayam sa 40 na kalahok ng pananaliksik upang makuha lahat ang kanilang sagot ukol sa hamong nararanasan sa pagsulat ng aksyong pananaliksik. Ang mga panayam ay nirekord at isinalin sa teksto upang makakalap ng mas malawak na datos para sa kwalitatibong pagsusuri, partikular sa mga hamon sa pagsulat ng aksyon pananaliksik. Ginamit ang manual open coding at tematikong pagsusuri upang isaayos, iugnay, at ikategorya ang datos, na nagbigay-daan sa pagtukoy ng mga padron at tema, alinsunod sa mga pamamaraang karaniwang ginagamit sa kwalitatibong pananaliksik (Lindolf at Taylor, 2002).

Sa huli, sinuri at binigyang-kahulugan ng mga mananaliksik ang mga nakalap na datos. Upang matiyak ang katumpakan nito, ginamit ang member checking, kung saan sinuri at nagbigay ng puna ang mga kalahok sa mga datos na nakalap. Ang prosesong ito, ayon kina Azarias at iba pa (2020), ay kinabibilangan ng tatlong hakbang: pagrerepaso at pagbibigay-komento ng mga respondente sa talatanungan at mga transkripsyon ng panayam; pagsasagawa ng mga karagdagang panayam upang

linawin ang mga hindi malinaw na sagot; at pagpapaalam sa mga kalahok ng paunang resulta ng pag-aaral upang makapagbigay sila ng kanilang puna hinggil sa mga natuklasan.

Ang mga sumusunod na instrumento ang ginamit sa pagkalap ng datos: isang binuong talatanungan para sa pagsukat ng sariling kakayahan sa pagsulat ng aksyon pananaliksik na dumaan sa pagsusuri ng baliditi at reliabiliti; isang hinangong talatanungan mula kay Abinan (2018) para sa datos tungkol sa saloobin ng mga respondente sa pananaliksik; at isang gabay sa panayam (interview guide) na sinuri at pinagtibay ng mga eksperto, na ginamit upang makakalap ng kwalitatibong datos ukol sa mga hamong kinakaharap ng mga guro sa Wikang Filipino sa pagsulat ng aksyon pananaliksik.

Ginamit ang mean upang suriin ang kwantitatibong datos at masukat ang sariling kakayahan ng mga guro, gayundin ang kanilang mga saloobin. Ginamit din ang bivariate correlation analysis upang matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng sariling kakayahan at ng mga saloobin ng mga guro sa pananaliksik.

Ginamit ang mga sumusunod na iskala sa pagsasagawa ng pag-aaral:

*Pansariling kakayahan ng mga Guro sa Aksyon Pananaliksik*

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 4.21 – 5.00 | Napakahusay |
| 3.41 – 4.20 | Mahusay |
| 2.61 – 3.40 | Neutral |
| 1.81 – 2.60 | Hindi Masyadong Mahusay |
| 1.00 – 1.80 | Hindi Mahusay |

*Saloobin ng mga Guro sa Pananaliksik*

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 4.21 – 5.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3.41 – 4.20 | Sumasang-ayon |
| 2.61 – 3.40 | Neutral |
| 1.81 – 2.60 | Hindi Sumasang-ayon |
| 1.00 – 1.80 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon |

*Validity ng Talatanungan*

| Iskala | Descriptive Rating |
|---|---|
| 4.21 – 5.00 | Very Highly Valid |
| 3.41 – 4.20 | Highly Valid |
| 2.61 – 3.40 | Moderately Valid |
| 1.81 – 2.60 | Low Validity |
| 1.00 – 1.80 | Not Valid |

*Cronbach's alpha values (Reliability)*

| Iskala | Descriptive Rating |
|---|---|
| 0.0 - 0.5 | Poor reliability |
| 0.6 - 0.7 | Acceptable reliability |
| 0.7 - 0.8 | Good reliability |
| 0.8 - 0.9 | Very good reliability |
| Above 0.9 | Excellent reliability |

## 3. Resulta

**Talahanayan 1**. Antas ng pansariling kakayahan ng mga gurong Filipino ng DepEd sa pagsulat ng aksyon pananaliksik.

| Bahagi ng Aksyon Pananaliksik | Over-all Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| A. Konteksto at Rationale | 3.74 | Mahusay |
| B. Suliranin | 3.37 | Neutral |
| C. Inobasyon, Interbensyon, at Estratehiya | 3.63 | Mahusay |
| D. Metodolohiya | 3.36 | Neutral |
| E. Resulta | 3.63 | Mahusay |
| F. Konklusyon at Rekomendasyon | 3.66 | Mahusay |
| G. Plano (Action Plan) | 3.70 | Mahusay |
| Kabuoan | 3.58 | Mahusay |

| *Iskala* | *Deskripsyon* |
|---|---|
| *4.21 – 5.00* | *Napakahusay* |
| *3.41 – 4.20* | *Mahusay* |
| *2.61 – 3.40* | *Neutral* |
| *1.81 – 2.60* | *Hindi Masyadong Mahusay* |
| *1.00 – 1.80* | *Hindi Mahusay* |

Batay sa datos na ipinapakita sa Talahanayan 1, ang kabuoang antas ng pansariling kakayahan ng mga guro sa Wikang Filipino ng DepEd sa pagsulat ng aksyon pananaliksik ay nasa antas na "Mahusay," na may katumbas na mean iskor na 3.58. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na sa pangkalahatan, ang mga guro ay may mataas na kumpiyansa sa kanilang kakayahang bumuo ng aksyon pananaliksik. Kapansin-pansin na karamihan sa mga partikular na bahagi ng pananaliksik ay nakatanggap din ng mean iskor na nasa antas na "Mahusay." Kabilang dito ang konteksto at rationale (mean=3.74), inobasyon, interbensyon, at estratehiya (mean=3.63), konklusyon at rekomendasyon (mean=3.66), at plano (action plan) (mean=3.70). Ang mga mataas na iskor na ito ay nagpapakita ng malakas na kumpiyansa ng mga guro, lalo na sa pagtalakay ng mga pangunahing bahagi at pangwakas na seksyon ng kanilang pananaliksik, pati na rin sa mga estratehikong aspeto nito.

Gayunpaman, may dalawang bahagi na nagtala ng mean iskor na nasa antas na "Neutral," na nagpapahiwatig ng bahagyang kumpiyansa lamang: ang suliranin (mean=3.37) at ang metodolohiya (mean=3.36). Ipinapakita nito na bagaman may tiwala ang mga guro sa karamihan ng mga yugto ng proseso ng pananaliksik, maaari silang makaranas ng pag-aalinlangan o mangailangan ng karagdagang suporta partikular sa pagbabalangkas ng mga tanong para sa pananaliksik at sa paggamit ng mga angkop na pamamaraan sa pananaliksik. Ang pagbibigay-tuon sa mga partikular na aspetong ito ay inaasahang makatutulong sa pagpapalakas ng kanilang pangkalahatang sariling kakayahan sa larangan ng pananaliksik.

**Talahanayan 2.** Saloobin ng mga gurong Filipino ng DepEd sa pananaliksik kaugnay ng kahalagahan sa propesyon, pagkabalisa, positibidad, at kahirapan.

| Indikador | Over-all Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| A. Kahalagahan sa Propesyon | 4.22 | Lubos na Sumasang-ayon |
| B. Pagkabalisa (anxiety) | 3.43 | Sumasang-ayon |
| C. Positibidad | 3.72 | Sumasang-ayon |
| D. Kahirapan | 3.84 | Sumasang-ayon |
| Kabuoan | 3.80 | Sumasang-ayon |

| *Iskala* | *Deskripsyon* |
|---|---|
| *4.21 – 5.00* | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| *3.41 – 4.20* | *Sumasang-ayon* |
| *2.61 – 3.40* | *Neutral* |
| *1.81 – 2.60* | *Hindi Sumasang-ayon* |
| *1.00 – 1.80* | *Lubos na Hindi Sumasang-ayon* |

Ang kabuoang mean iskor na naitala para sa saloobin ng mga gurong Filipino ng DepEd patungkol sa pananaliksik ay 3.80, na nasa deskriptibong antas na “Sumasang-ayon.” Ang resultang ito ay nagpapakita ng pangkalahatang positibong pananaw ng mga guro ukol sa pananaliksik. Partikular na kapansin-pansin ang kanilang mataas na antas ng pagsang-ayon sa kahalagahan ng pananaliksik sa kanilang propesyon, kung saan nakakuha ito ng pinakamataas na mean na 4.22. Binibigyang-diin nito ang kanilang matibay na paniniwala na ang pakikilahok sa mga gawaing pananaliksik ay mahalaga at kapaki-pakinabang para sa kanilang propesyonal na pag-unlad at pagpapahusay ng kasanayan.

Sa pagsusuri ng iba-ibang aspekto, ang mga guro ay nagpakita rin ng pagsang-ayon sa mga sumusunod: pagkabalisa (anxiety) na may mean iskor na 3.43, positibidad na may mean iskor na 3.72, at kahirapan na may mean score na 3.84. Bagaman may bahagyang pagsang-ayon sa mga potensyal na pagkabalisa at kahirapan na dulot ng pananaliksik, nananatili pa rin ang kanilang positibong pananaw. Ang medyo mataas na pagsang-ayon sa kahirapan (mean iskor = 3.84) ay nagpapahiwatig na kinikilala ng mga guro ang mga hamon na kaakibat ng pagsasagawa ng pananaliksik, subalit hindi nito sapat na nababawasan ang kanilang pangkalahatang positibong saloobin. Samantala, ang katamtamang pagsang-ayon sa pagkabalisa (mean iskor = 3.43) ay

nagpapahiwatig ng ilang antas ng pangamba, ngunit hindi ito lumalampas sa punto ng matinding pagtutol o pag-iwas.

Sa kabuoan, ipinapahiwatig ng mga natuklasan na lubos na pinahahalagahan ng mga gurong Filipino ang kahalagahan ng pananaliksik. Nananatili na may konstruktibong saloobin, sa kabila ng pag-amin sa ilang mga hamon at posibleng pagkabalisa na maaaring maranasan sa proseso. Ang positibong disposisyong ito ay nagsisilbing isang matibay na pundasyon upang hikayatin ang mas masigla at aktibong partisipasyon ng mga guro sa mga gawaing pananaliksik.

**Talahanayan 3.** Makabuluhang kaugnayan ng antas ng pansariling kakayahan ng mga gurong Filipino ng DepEd sa pagsulat ng aksyon pananaliksik at saloobin sa pananaliksik.

| Indikador | Konteksto at Rationale | Suliranin | Inobasyon at Interbensyon | Metodo -lohiya | Resulta | Konklusyon at Rekomendasyon | Plano | Kabuoan |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Kahalagahan | .369* | .381* | .356* | .330* | .339* | .317* | .345* | .488** |
| Pagkabalisa | .348* | .354* | .326* | 0.301 | 0.306 | 0.282 | .318* | .475** |
| Positibidad | .345* | .350* | .323* | 0.299 | 0.299 | 0.270 | 0.304 | .457** |
| Kahirapan | .328* | .333* | 0.302 | 0.276 | 0.270 | 0.240 | 0.271 | .431** |
| Kabuoan | 0.198 | 0.192 | 0.175 | 0.163 | 0.155 | 0.124 | 0.166 | .316* |

Correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed)
*Correlation is significant at the 0.05 level (2-tailed)

Makikita sa talahanayan na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng pansariling kakayahan ng mga gurong Filipino ng DepEd sa pagsulat ng aksyon pananaliksik at ng kanilang saloobin patungo sa pananaliksik. Ang ugnayang ito, na may istatistikal iskor na .316*, ay nagpapahiwatig na ang mga gurong may mas mataas na antas ng kumpiyansa at kasanayan sa pagsulat ng aksyon pananaliksik ay siya ring nagpapakita ng mas positibong saloobin tungkol sa pananaliksik. Ang pagpapalakas sa kanilang sariling kakayahan at kumpiyansa sa mga proseso ng pananaliksik ay inaasahang magdudulot ng mas mataas na sigla at dedikasyon sa kanilang pakikilahok sa mga gawaing pananaliksik.

Makikita sa Talahanyan 4 ang iba't ibang hamon na nararanasan ng mga gurong Filipino ng DepEd sa pagsasagawa ng aksyon pananaliksik. Sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri, tatlong pangunahing tema ang lumitaw: kakulangan sa oras at mabigat na gawain, kakulangan sa karanasan at kaalaman, at ang pagiging kumplikado ng mismong proseso ng pananaliksik.

Una, malinaw na ang kakulangan sa oras at mabigat na gawain ay isa sa pinakamalaking balakid. Dahil sa dami ng responsibilidad ng mga guro kasama na ang pagtuturo, paghahanda ng mga aralin, pagwawasto ng mga gawaing pang-mag-aaral, at pagdalo sa mga pulong, nagiging limitado ang kanilang oras para sa pananaliksik. Binigyang-diin ito ng mga kalahok na nagsabing madalas nilang inuuna ang mga agarang pangangailangan sa silid-aralan kaysa sa paglalaan ng oras para sa pagsulat ng aksyon pananaliksik.

**Talahanayan 4.** Mga hamong nararanasan ng mga gurong Filipino ng DepEd sa pagsulat ng aksyon pananaliksik.

| **Tema** | **Paglalarawan** | **Mga Pahayag ng Kalahok** |
|---|---|---|
| Kakulangan sa Oras at Mabigat na Gawain | Nahihirapan ang mga guro na maglaan ng oras sa pananaliksik dahil sa dami ng kanilang responsibilidad tulad ng pagtuturo, administratibong gawain, at iba pang tungkulin sa paaralan. | "...halos wala nang natitirang oras upang tutukan ang pagsulat…" (Guro 8) "...napapabayaan na ang pananaliksik dahil inuuna ang mga agarang gawain…" (Guro 25) |
| Kakulangan sa Karanasan at Kaalaman | Maraming guro ang walang sapat na karanasan at kaalaman sa pagsulat ng aksyon pananaliksik kaya't nakakaramdam sila ng pag-aalinlangan kung paano ito sisimulan at isasagawa. | "Hindi pa ako nakapagsulat ng action research…" (Guro 12) "...nagsisimula pa lang akong magbasa at mag-aral…" (Guro 35) |
| Kahirapan sa Proseso ng Pananaliksik | Nahihirapan ang mga guro sa mga teknikal na bahagi ng pananaliksik tulad ng pagbuo ng pamagat, pagsusuri ng datos, at interpretasyon ng resulta. | "...nahihirapan akong gawing malinaw ang pamagat…" (Guro 28) "...mahirap din ang pag-interpret ng mga datos…" (Guro 28) |

Ikalawa, lumitaw rin ang kakulangan sa karanasan at kaalaman bilang isang mahalagang hamon. Maraming guro ang nagpapahayag ng interes na makilahok sa pananaliksik ngunit aminado silang kulang pa sila sa sapat na kaalaman kung paano ito sisimulan at isasagawa nang epektibo. Gayunpaman, kapansin-pansin ang kanilang pagiging bukas sa pagkatuto at kahandaang magkamit ng bagong kaalaman, na nagpapakita ng positibong pananaw sa kabila ng kanilang kasalukuyang kakulangan sa karanasan.

Ikatlo, nahihirapan din ang mga guro sa mismong proseso ng pananaliksik. Kabilang dito ang pagbuo ng angkop na pamagat, pagbabalangkas ng suliranin, pagsusuri ng datos, at interpretasyon ng mga resulta. Ang mga teknikal na aspetong ito ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng kasanayan at pagsasanay, kaya nagiging hamon ito para sa mga guro na may limitadong karanasan sa pananaliksik.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga natuklasan na bagama't may interes at positibong saloobin ang mga gurong Filipino sa pananaliksik, kinakailangan pa rin ng sapat na suporta, pagsasanay, at paglalaan ng oras upang mapagtagumpayan ang mga hamong kanilang kinakaharap. Ang pagtugon sa mga isyung ito ay mahalaga upang

mapalakas ang kanilang kakayahan at mapalawak ang kanilang pakikilahok sa mga gawaing pananaliksik.

Panghuli, ang mga gurong Filipino ng DepEd ay nakararanas ng iba-ibang hamon sa pagsulat ng aksyon pananaliksik, kabilang ang kakulangan sa oras dahil sa mabigat na gawain, kakulangan sa karanasan at kaalaman, at kahirapan sa teknikal na proseso ng pananaliksik. Sa kabila nito, nananatili ang kanilang interes at positibong pananaw sa pananaliksik. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan ng tuloy-tuloy na pagsasanay, suporta, at sapat na oras upang mapalakas ang kanilang kakayahan at maisulong ang mas epektibong pagsasagawa ng aksyon pananaliksik.

## 4. Diskusyon

Una, ipinapakita ng resulta na ang mga guro sa Wikang Filipino ay may mataas na antas ng pansariling kakayahan (mahusay) sa pagsulat ng aksyon pananaliksik, partikular sa mga pangunahing at pangwakas na bahagi nito. Ayon kina Tschannen-Moran and Hoy (2001), ang mga gurong may mataas na kumpiyansa sa kanilang kakayahan ay mas nagiging epektibo sa pagpaplano, pagpapatupad, at pagsusuri ng mga gawaing akademiko, kabilang ang pananaliksik. Gayundin, ipinakita sa pag-aaral nina Borg (2010) na ang mga guro na may matibay na paniniwala sa kanilang kakayahan ay mas aktibong nakikibahagi sa mga gawaing pananaliksik at nakagagawa ng dekalidad na output.

Gayunpaman, kinakailangan pa ng pagpapalakas sa pagbabalangkas ng suliranin at metodolohiya upang higit na mapabuti ang kabuoang kalidad ng kanilang pananaliksik. Binigyang-diin nina Ulla et. al (2017) na bagaman positibo ang pananaw ng mga guro sa pananaliksik, nahaharap pa rin sila sa hamon sa teknikal na aspeto tulad ng disenyo ng pag-aaral at metodolohiya.

Ikalawa, may positibong saloobin ang mga gurong Filipino ng DepEd sa pananaliksik, na may mataas na pagpapahalaga sa kahalagahan nito sa kanilang propesyon. Bagaman kinikilala nila ang mga hamon, kahirapan, at ilang antas ng pagkabalisa, hindi ito naging hadlang sa kanilang positibong pananaw. Sa halip, nananatili ang kanilang kahandaan at pagkilala sa pananaliksik bilang mahalagang bahagi ng kanilang propesyonal na pag-unlad. Ipinakita sa pag-aaral nina Natividad, et. al (2023) na kahit may mataas na antas ng anxiety ang mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik, nananatili pa rin ang kanilang positibong saloobin at pagkilala sa kahalagahan nito sa kanilang propesyon. Dagdag pa rito, natuklasan ni Senler (2016) na ang positibong saloobin ng mga guro ay may positibong ugnayan sa kanilang self-efficacy, habang ang anxiety ay may negatibong epekto ngunit hindi ganap na humahadlang sa kanilang kakayahan. Gayundin, ipinakita sa pag-aaral ni Tekin (2023) na ang self-efficacy ng mga guro ay may direktang ugnayan sa kanilang saloobin sa pananaliksik, at ito ay mahalagang salik sa kanilang propesyonal na pag-unlad.

Ikatlo, may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pansariling kakayahan ng mga gurong Filipino sa pagsulat ng aksyon pananaliksik at kanilang saloobin sa pananaliksik. Ipinapahiwatig nito na habang tumataas ang kanilang kumpiyansa at

kasanayan, nagiging mas positibo rin ang kanilang pananaw at pagtingin sa kahalagahan ng pananaliksik. Ayon kina Yada et al. (2021), sa kanilang meta-analysis, natuklasan ang positibong ugnayan sa pagitan ng self-efficacy at attitudes ng mga guro, na nagpapahiwatig na habang tumataas ang kanilang kumpiyansa sa kakayahan, nagiging mas positibo rin ang kanilang pananaw sa mga gawaing propesyonal tulad ng pananaliksik. Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral ni Kula (2022) na ang self-efficacy ng mga guro ay may mahalagang papel sa paghubog ng kanilang saloobin sa propesyon at motibasyon sa pagtuturo, kung saan ang mataas na antas ng kumpiyansa ay nagreresulta sa mas positibong disposisyon at aktibong partisipasyon sa mga gawaing akademiko. Gayundin, ipinakita nina Khanshan and Yousefi (2020) na ang self-efficacy ng mga guro ay may direktang ugnayan sa kanilang instructional practices, na nagpapahiwatig na ang kumpiyansa sa kakayahan ay nakaaapekto sa kanilang pagganap at pananaw sa mga gawaing pang-edukasyon.

Samakatuwid, pinatutunayan ng mga pag-aaral na habang tumataas ang antas ng pansariling kakayahan ng mga guro, mas nagiging positibo ang kanilang saloobin sa pananaliksik, na mahalaga sa pagpapalakas ng kanilang partisipasyon at kalidad ng kanilang mga gawaing pananaliksik.

Panghuli, ang mga gurong Filipino ng DepEd ay nakararanas ng iba-ibang hamon sa pagsulat ng aksyon pananaliksik, kabilang ang kakulangan sa oras dahil sa mabigat na gawain, kakulangan sa karanasan at kaalaman, at kahirapan sa teknikal na proseso ng pananaliksik. Sa kabila nito, nananatili ang kanilang interes at positibong pananaw sa pananaliksik. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan ng tuloy-tuloy na pagsasanay, suporta, at sapat na oras upang mapalakas ang kanilang kakayahan at maisulong ang mas epektibong pagsasagawa ng aksyon pananaliksik. Ayon kina Abrenica at Cascolan (2022), ang mga guro sa pampublikong paaralan ay nahihirapan sa pagsasagawa ng action research dahil sa mabigat na workload, kakulangan sa oras, at sabayang mga gawain sa pagtuturo at administrasyon. Ipinakita rin sa pag-aaral nina Saro at Taray (2024) na ang pangunahing hadlang sa pagbuo ng action research ay ang kakulangan ng oras, limitadong suporta, at iba pang tungkulin na nakakaapekto sa konsentrasyon ng guro sa pananaliksik.

Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Tingabngab at Binayao (2023) na maraming guro ang nakararanas ng kakulangan sa kaalaman at kasanayan sa metodolohiya ng pananaliksik, partikular sa pagbuo ng suliranin, pagdidisenyo ng instrumento, at pagsusuri ng datos, na nagiging sanhi ng pag-aalinlangan sa pagsisimula ng research. Samantala, ayon sa sistematikong pagtingin nina Saro at Taray (2024), ang pagiging teknikal at komplikado ng proseso ng pananaliksik ay isa ring pangunahing hamon, lalo na sa mga gurong walang sapat na pagsasanay at gabay.

Sa kabila ng mga nabanggit na hamon, ipinapakita rin ng mga pag-aaral na nananatiling positibo ang pananaw ng mga guro sa aksyon pananaliksik dahil sa nakikitang ambag nito sa propesyonal na pag-unlad at pagpapabuti ng pagtuturo (Abrenica & Cascolan, 2022). Ipinahihiwatig nito na ang mga hamon tulad ng oras, kakulangan sa kaalaman, at teknikal na kahirapan ay hindi ganap na hadlang, kung

hindi mga pangangailangang dapat tugunan sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagsasanay, mentoring, at institutional support.

## 5. Konklusyon

Sa kabuoan, ipinapakita ng pag-aaral na ang mga gurong Filipino ng DepEd ay nagtataglay ng pangkalahatang kumpiyansa sa pagsulat ng aksyon pananaliksik, na nasasalamin sa kanilang mataas na antas ng sariling kakayahan na nasa deskriptibong antas na "Mahusay." Gayunpaman, ang kanilang katamtamang antas ng kumpiyansa sa pagbabalangkas ng mga tanong sa pananaliksik at sa paggamit ng mga pamamaraan nito ay nagpapahiwatig ng mga partikular na larangan na nangangailangan pa ng karagdagang suporta at pagpapaunlad ng kakayahan. Sa usaping saloobin, ang mga guro ay nagpapakita ng positibong pananaw sa pananaliksik, lalo na sa pagkilala sa kahalagahan nito sa kanilang propesyon. Bagaman kinikilala nila ang ilang pagkabalisa at kahirapan na kaakibat ng proseso, ang kanilang pangkalahatang positibong pananaw ay nagsisilbing matibay na pundasyon para sa mas aktibong pakikilahok sa mga gawaing pananaliksik. May makabuluhang ugnayan sa pagitan ng sariling kakayahan ng mga gurong Filipino sa pagsulat ng aksyon pananaliksik at ng kanilang saloobin dito, na nagpapahiwatig na ang pagpapalakas ng kanilang kumpiyansa ay maaaring magpatibay pa sa kanilang dedikasyon. Sa kabilang banda, kinikilala ng mga guro ang mga hamon na kanilang kinakaharap, kabilang ang kakulangan sa oras at mabigat na gawain, limitadong karanasan at kaalaman, at ang pagiging kumplikado ng proseso ng pananaliksik.

Batay sa mga lumabas na resulta, iminumungkahi ang mga sumusunod: Dapat maglunsad ang DepEd ng mga espesipikong training-workshop na nakatuon sa pagbabalangkas ng suliranin at metodolohiya sa aksyon pananaliksik ng mga gurong Filipino. Dapat ding magpatupad ang mga paaralan ng malinaw na iskedyul o research time allocation upang mabigyan ng regular na oras ang mga guro para sa pananaliksik. Bukod dito, dapat bawasan ang mga hindi kailangang administratibong gawain upang mapalakas ang pokus ng mga guro sa research-related tasks. Higit pa rito, dapat tiyakin ng DepEd ang pagkakaroon ng madaling akses sa research resources, pondo, at tuloy-tuloy na teknikal na suporta upang mapataas ang kalidad ng kanilang aksyon pananaliksik at mapalakas ang kanilang kakayahan sa larangang ito. Sa mga mananaliksik, magsagawa ng pag-aaral na mas malawak ang sakop na binubuo ng maraming dibisyon.

## Pasasalamat

Lubos ang pasasalamat ng mga mananaliksik sa ASIST, DepEd Abra, at mga kalahok sa pananaliksik dahil sa tulong na ibinigay upang matapos ang pag-aaral na ito.

## Pahayag ng Salungatan ng Interes

Ang mga may-akda ay nagpahayag na walang personal na interes na maaaring makaapekto sa kaniyang pananaliksik.

## Talasanggunian


Abrenica, J. T., & Cascolan, H. M. S. (2022). Impact of action research in education: Experiences and challenges faced by teachers. *International Journal of Scientific and Management Research, 5*(2), 1–15. https://doi.org/10.37502/IJSMR.2022.5201

Bandura, A. (1997). *Self-efficacy: The exercise of control*. W. H. Freeman. https://psycnet.apa.org/record/1997-08589-000

Borg, S. (2010). Language teacher research engagement. *Language Teaching, 43*(4), 391–429. https://doi.org/10.1017/S0261444810000170

Burns, A. (2010). *Doing action research in English language teaching: A guide for practitioners*. Routledge. https://doi.org/10.4324/9780203863466

Creswell, J. W., & Plano Clark, V. L. (2018). Designing and conducting mixed methods research (3rd ed.). SAGE Publications. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=2697821

Khanshan, S. K., & Yousefi, M. H. (2020). The relationship between self-efficacy and instructional practice of in-service teachers. *Asian-Pacific Journal of Second and Foreign Language Education, 5*(1), 1. https://doi.org/10.1186/s40862-020-0080-8

Kemmis, S., McTaggart, R., & Nixon, R. (2014). *The action research planner: Doing critical participatory action research*. Springer. https://doi.org/10.1007/978-981-4560-67-2

Kula, S. S. (2022). The predictive relationship between pre-service teachers' self-efficacy belief, attitudes towards teaching profession and teaching motivation. *International Journal of Contemporary Educational Research, 9*(1), 1–12. https://doi.org/10.33200/ijcer.1068573

Lindlof, T. R., & Taylor, B. C. (2002). Qualitative communication research methods (2nd ed.). SAGE Publications. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=2408158

Morales, M. P. E. (2016). Participatory action research (PAR) cum action research (AR) in teacher professional development. *Issues in Educational Research, 26*(2), 291–309. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1105165.pdf

Natividad, A. M., Mangulabnan, J., & Canlas, J. R. (2023). Self-efficacy, anxiety level, and research attitude of pre-service teachers. *International Journal of Humanities and Social Sciences*. https://ijhss.net/index.php/ijhss/article/view/567

Saro, J. M., & Taray, J. (2024). Teachers as researchers: Practices, perspectives, problems, and a plan of action (4Ps) for public school teachers in writing action research. *American Journal of Interdisciplinary Research and Innovation, 3*(3), 21–41. https://doi.org/10.54536/ajiri.v3i3.3344

Senler, B. (2016). Pre-service science teachers' self-efficacy: The role of attitude, anxiety and locus of control. *Australian Journal of Education, 60*(1), 26–41. https://doi.org/10.1177/0004944116629807

Stringer, E. T. (2014). *Action research* (4th ed.). SAGE Publications. https://www.scirp.org/reference/ReferencesPapers?ReferenceID=2623102

Tekin, O. (2023). The mediating role of teacher self-efficacy in predicting teachers' research attitudes. An international journal of teachers' professional development. Volume 27, 2023 - Issue 3. https://doi.org/10.1080/13664530.2023.2201579

Tingabngab, M. F., & Binayao, B. S. (2023). Challenges faced by the public elementary school teachers in conducting action research. *Teacher Education and Curriculum Studies, 8*(1), 14–22. https://www.researchgate.net/profile/Bernadette-Binayao/publication/374155664_Challenges_Faced_by_the_Public_Elementary_School_Teachers_in_Conducting_Action_Research/links/65110823d5293c106ce02be0/Challenges-Faced-by-the-Public-Elementary-School-Teachers-in-Conducting-Action-Research.pdf

Tschannen-Moran, M., & Hoy, A. W. (2001). Teacher efficacy: Capturing an elusive construct. *Teaching and Teacher Education, 17*(7), 783–805. https://doi.org/10.1016/S0742-051X(01)00036-1

Ulla, M. B. (2018). In-service teachers' training: The case of university teachers in Yangon, Myanmar. *Australian Journal of Teacher Education, 43*(1), 66–77. https://doi.org/10.14221/ajte.2018v43n1.4

Ulla, M. B., Barrera, K. I. B., & Acompanado, M. M. (2017). Philippine classroom teachers as researchers: Teachers' perceptions, motivations, and challenges. *Australian Journal of Teacher Education, 42*(11), 52–64. https://doi.org/10.14221/ajte.2017v42n11.4

Yada, A., Leskinen, M., Savolainen, H., & Schwab, S. (2021). Meta-analysis of the relationship between teachers' self-efficacy and attitudes toward inclusive education. *Teaching and Teacher Education, 109*, 103521. https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S0742051X21002468

*Author Contributions:* Beñas, D., Biscarra, G.; Study design, method conception, data collection, data analysis, and manuscript writing.